# PRAYER ROCKS THE WORLD

*Tagalog Bible study guide for small groups*



***Prayer Rocks the World*:**
Tagalog Bible study guide for small groups
Karapatan sa pagmamay-ari ©2010

Isinulat ni Derick Parfan

Malibang binabanggit, ang lahat ng sipi ng Kasulatan ay hinango mula sa *Ang Biblia*, karapatan sa pagmamay-ari © Philippine Bible Society, 2001.

# CONTENTS


| No. | Lesson Title | Text | Page |
|---|---|---|---|
| 1 | Prayer and Our Mission | Acts 1:8 | 1 |
| 2 | Jesus’ School of Prayer | Luke 11:1-4 | 4 |
| 3 | Alone with God in Prayer | Matt 6:5-6 | 7 |
| 4 | Meaningless vs Meaningful Prayer | Matt 6:7-13 | 10 |
| 5 | “Our Father in Heaven” | Matt 6:9 | 13 |
| 6 | “Hallowed be Your Name” | Matt 6:9 | 16 |
| 7 | “Your Kingdom Come” | Matt 6:10 | 19 |
| 8 | “Your Will Be Done” | Matt 6:10 | 22 |
| 9 | “Give Us This Day Our Daily Bread” | Matt 6:11 | 25 |
| 10 | “Forgive Us Our Debts” | Matt 6:12 | 28 |
| 11 | “Deliver Us from Evil” | Matt 6:13 | 31 |
| 12 | “House of Prayer for All the Nations” | Mark 11:15-19 | 34 |


## PARA SA LEADER

Ang layunin ng serye ng pag-aaral na ito na pinamagatang ***Prayer Rocks the World*** ay upang mahikayat ang mga mananampalataya na pahalagahan ang pananalangin sa kanilang personal na buhay at sa pakikibahagi sa mga gawain ng ating iglesia. Makikita natin sa mga araling ito ang laki ng magagawa ng panalangin upang magkaroon ng mga pagbabago sa ating buhay, sa pamilya, sa iglesia, sa lipunan, at sa buong mundo. Napakalaki ng pribilehiyo na inilagay ng Diyos sa ating mga kamay, kaya’t samantalahin natin ito. Binigyan niya tayo ng kapangyarihang abutin ang kanyang trono upang kanyang ibuhos ang biyaya ng langit sa ating mga buhay. Ikaw na leader ay malaking tungkuling akayin ang iyong mga miyembro sa masidhi at taimtim na pananalangin. Gamitin mo ang mga pag-aaral na ito sa ganoon kalaking layunin.

Ang mga kopya ng sermon na pinagbatayan ng pag-aaral na ito ay matatagpuan sa http://bit.ly/prayerrocks.

Lesson 1

# PRAYER AND OUR MISSION

## GAWA 1:8

*Ngunit tatanggap kayo ng kapangyarihan pagbaba sa inyo ng Espiritu Santo; at kayo'y magiging mga saksi ko sa Jerusalem, sa buong Judea at Samaria, at hanggang sa kadulu-duluhang bahagi ng lupa.*

## PANIMULA

1. Kapag may isang bagay na ipinagawa sa iyo at hindi mo ito nagawa, ano ang nararamdaman mo?

*Tulay sa Pag-aaral:* Gayundin sa ipinapagawa sa atin ng Diyos. Kung hindi natin ito nagagawa at alam nating ipinagkatiwala sa atin ng Diyos, nararamdaman natin ang *frustration*. Mabigat man ang tungkuling iniatang sa ating balikat, ito ay panawagan sa atin na manangan hindi sa sariling lakas kundi sa magagawa ng Diyos. Ito ay panawagan upang manalangin.

## PAGSASALIKSIK

2. Ano ang misyon na iniwan ni Cristo sa kanyang mga tagasunod (Gawa 1:8 at Mateo 28:19-20)? Sa Gawa 1:8, ano ang makikita nating koneksyon ng pananalangin sa pagsasagawa ng misyong ito?

3. Ano ang ginagawa ng mga alagad sa 1:14? Ano sa tingin mo ang kaugnayan nito sa pangako ni Jesus na pagdating ng Banal na Espiritu? Tingnan din ang 2:1-4 at 4:31.

4. Sa 2:42-47, ano ang makikita nating ginawa ng Diyos (v. 47) bilang tugon sa pananatili ng mga alagad sa pananalangin (v. 42)? Ano ang implikasyon nito sa mga dapat nating ipanalangin sa Diyos?

5. Sa 9:40-42 at 12:5, 12, 24, ano ang makikita nating tugon ng Diyos sa panalangin? Ano ang implikasyon nito sa mga klase ng kahilingang idudulog natin sa Diyos?

6. Sa 6:6, 13:3, 14:23, at 20:36, ano ang nakita nating ginagawa para sa mga tagapanguna (apostol, diakono, pastor, misyonero) ng unang iglesia? Ano sa tingin mo ang kaugnayan ng pananalangin sa mga lider at ng pagtupad ng misyon ng iglesia?

7. Isa kayang dahilan ng di pagiging epektibo ng mga lider ang kakulangan ng mga taong nananalangin para sa kanila? Ano ang mga maaaring nating gawin ukol dito?

8. Sa 11:5, 22:17-18, at 13:2, ano ang nasumpungan nating ginagawa nina Pedro, Pablo at ng unang iglesia bago nila matanggap ang pangitain o marinig ang pangungusap ng Diyos?

9. Isa kayang dahilan kung bakit hindi nagiging malinaw sa atin ang nais ng Diyos na ipagawa sa atin ay dahil sa kakulangan natin sa pananalangin? Ano ang mga maaari nating gawin ukol dito?

## PAGSASABUHAY

10. Ano ang itatalaga mong gawin upang maging kabahagi ng pananalangin sa ikatutupad ng misyon na ibinigay ng Diyos sa iglesia?

11. Gamitin ang bahaging ito sa mas mahabang panahon ng pananalangin. Ipanalangin na:

a. Mapuspos ng Espiritu Santo at maranasan ang kapangyarihan niya sa ating mga buhay at sa ating iglesia.

b. Makakilala kay Cristo ang iyong kaibigan o kamag-anak (banggitin ang pangalan).

c. Magpakita ang Diyos ng mga himala sa ating buhay, relasyon sa iba, at buhay ng ibang tao.

d. Maging maka-Diyos, matuwid, at epektibo ang mga lider ng church (banggitin ang mga pangalan).

e. Maging malinaw ang nais ipagawa ng Diyos sa iyo upang maging kabahagi ka sa misyon ng church.

Lesson 2

# JESUS' SCHOOL OF PRAYER

## LUCAS 11:1-4

*Siya'y nanalangin sa isang lugar at nang siya'y makatapos,*
*sinabi ng isa sa kanyang mga alagad, "Panginoon, turuan mo*
*kaming manalangin, gaya ni Juan na nagturo sa kanyang mga*
*alagad."* 2 *Sinabi niya sa kanila, "Kapag kayo'y nananalangin,*
*inyong sabihin, 'Ama, sambahin nawa ang pangalan mo.*
*Dumating nawa ang kaharian mo.* 3 *Ibigay mo sa amin sa bawat*
*araw ang aming pang-araw-araw na pagkain.* 4 *At ipatawad mo*
*sa amin ang aming mga kasalanan, sapagkat pinatatawad*
*naman namin ang bawat nagkakautang sa amin,*
*at huwag mo kaming dalhin sa tukso.'"*

## PANIMULA

1. Ibahagi ang isang pagkakataon na bumagsak ka sa isang exam noong nag-aaral ka pa. Bakit ka bumagsak?

*Tulay sa Pag-aaral:* Maaring bumagsak tayo sa isang exam dahil mahirap talaga. Ngunit maaari din namang bumagsak tayo hindi dahil mahirap ito kundi dahil hindi natin pinag-aralan mabuti. Gayundin sa buhay panalangin natin. Ilan sa atin ay maaaring bagsak dito dahil hindi natin pinaglalaanan ng oras ang pag-aaral tungkol dito at mismong pagsasagawa nito. Ngayon ay inaanyayahan tayo ni Cristo na sama-samang mag-aral sa kanyang *School of Prayer*. Ang ating tugon gaya ng mga alagad ay: "Panginoon, turuan mo kaming manalangin" (v. 1).

## PAGSASALIKSIK

2. Basahin ang Lucas 11:1-4. Bago ang pagtuturo ni Cristo tungkol sa kung ano ang ipapanalangin (vv. 2-4) at kung paano mananalangin (vv. 5-13), ano ang makikita nating ginawa ng isa sa mga alagad? Ano ang maaaring ipinapakita nito patungkol sa kanilang buhay panalangin?

3. Anong *attitude* ang makikita natin sa kanilang paghiling kay Jesus na turuan sila?

4. Kung susuriin natin ang ating buhay panalangin, ano ang masasabi natin tungkol dito? Anong matututunan natin sa ginawang paglapit ng alagad kay Jesus?

5. Nagpaturo silang manalangin. Walang tala sa Bibliya na makikitang nagpaturo silang magturo o gumawa ng himala. Ano ang makikita natin dito patungkol sa kahalagahan ng panalangin?

6. Anu-ano ang mga prayoridad natin sa araw-araw ang nakahahadlang upang makapaglaan tayo ng oras na manalangin? Ano ang maaari mong gawin para ayusin ito?

7. Ano ang ginagawa ni Jesus bago siya hilingan ng isang alagad na turuan silang manalangin? Bakit sa tingin mo ito nag-udyok sa alagad na magpaturo kay Jesus?

8. Anu-anong halimbawa ang makikita natin sa kahalagahan ng panalangin sa buhay ni Jesus: Lucas 5:15-16; 6:12; Marcos 1:35; Mateo 14:22-23? Paano natin ito ilalapat sa ating pansariling pananalangin?

9. Sa tingin mo ba ay sanay ka nang manalangin? Anu-ano pang kakulangan ang nakikita mo sa iyong buhay panalangin? Paano nakatulong ang pag-aaral na ito upang maunawaan mo ang kahalagahan ng pagkatuto sa panalangin?

## PAGSASABUHAY

10. Magtalaga ng takdang oras sa araw-araw na ilalaan mo sa panalangin. Pinakamaganda ang oras sa umaga. Ibahagi ito sa grupo at sama-samang ipanalangin ang pagtulong ng Diyos na magkaroon ka ng disiplina sa pananangin.

11. Gamitin ang bahaging ito sa sama-samang pananalangin. Ipanalangin na:

    a. Turuan kayo ng Panginoon sa tulong ng Espiritu kung ano ang ipapanalangin at kung paano mananalangin.

    b. Maranasan natin ang kapangyarihan ng Diyos sa sama-samang pananalangin.

    c. Mas maging malalim ang relasyon natin sa Diyos dahil sa araw-araw na ugnayan sa kanya sa pananalangin.

    d. Tugunan ng Diyos ang kahilingan ng bawat isa (ibahagi ito sa grupo).

Lesson 3
# ALONE WITH GOD IN PRAYER

## MATEO 6:5-6

*At kapag kayo ay nananalangin, huwag kayong maging tulad sa mga mapagkunwari; sapagkat ibig nilang tumayo at manalangin sa mga sinagoga at sa mga panulukan ng mga lansangan upang makita sila ng mga tao. Katotohanang sinasabi ko sa inyo, tinanggap na nila ang kanilang gantimpala.*
*6 Ngunit kapag ikaw ay mananalangin, pumasok ka sa iyong silid, at pagkasara mo ng iyong pinto ay manalangin ka sa iyong Ama na nasa lihim, at ang iyong Ama na nakakakita ng mga lihim na bagay ay gagantimpalaan ka.*

## PANIMULA

1. Magbahagi ng isang bagay na ginawa mo para mapahanga ang ibang tao. Bakit mo ito ginawa?

*Tulay sa Pag-aaral:* May mga ginawa tayong bagay upang mapahanga natin ang ibang tao, para mapansin tayo. Karamihan naman sa mga ito ay hindi naman masama. Kaso nga lang hindi bukas sa loob natin, hindi galing sa puso ang ginawa natin. Iyon ang hindi nakalulugod sa Diyos. Ganun din sa panalangin. Hindi nais ng Diyos ang manalangin tayo para magpasikat lang sa ibang tao, para mapansin na tayo ay espirituwal at huwarang Cristiano. Gusto ng Diyos ang taos sa pusong pananalangin.

## PAGSASALIKSIK

2. "At kapag kayo ay nananalangin..." (v. 5). Ipinalalagay ni Jesus na ang mga kausap niya ay nananalangin na. Hindi niya ito iniutos dito. Itinama lamang niya ang kanilang paraan ng panalangin. Ano ang ipinapakita nito tungkol sa *expectation* o pagnanais ng Diyos na manalangin ang lahat ng kanyang mga anak?

3. Suriin ang iyong buhay panalangin. Masasabi mo bang malaking bahagi ito ng iyong buhay? Bakit o bakit hindi?

4. Ayon sa verse 5, ano ang hindi nais ni Jesus na klase ng panalangin? Ano ang isang "mapagkunwari" (*hypocrite*)? Ihalintulad ito sa isang artista. Bakit hindi ito nakalulugod sa Diyos? Tingnan din ang Mateo 15:7-9.

5. Ibig sabihin ba nito'y dapat nating iwasang manalangin sa harap ng ibang tao o kasama ng iba? Kung hindi, ano ang ipinaaalala nito sa atin tuwing mangunguna sa panalangin sa harap ng ibang tao?

6. Ano, sa iyong palagay, ang gantimpalang tinanggap na ng mga mapagkunwari sa panalangin? Sa mga panalangin ba nati'y hinahangad din natin minsan ang parangal o *approval* ng ibang tao? Sa paanong paraan at bakit?

7. Ayon sa verse 6, paano tayo dapat manalangin? Ano ang kaibahan nito sa mapagkunwaring panalangin?

8. Ayon dito, ano ang dapat na isaalang-alang natin kung tayo ay mananalangin sa umaga (sa *Quiet Time* natin) o sa iba pang bahagi ng araw kahit may mga ginagawa tulad ng pag-aaral, pagtatrabaho, o paglilibang?

9. May gantimpalang nakalaan sa mga taos sa puso ang pananalangin sa Diyos. Kaiba sa mapagkunwari na "tinanggap na." Hindi ito binanggit ni Jesus, ngunit ano sa tingin mo ang gantimpalang ito? Paano ito makatutulak (*motivate*) sa atin upang maging *sincere* ang *prayer life* natin?

## PAGSASABUHAY

10. Maglaan ng limang minutong pansariling pagsisiyasat. Tahimik na manalangin ang lahat. Kausapin ang Diyos ayon sa nilalaman ng iyong puso.

11. Magbahagi sa grupo ng isang *personal prayer request*. Magkasundo kayo kung ano anong *prayer request* ang ipapanalangin para sa grupo o para sa buong church sa mga susunod na linggo. Ipanalangin ito. Sa susunod na pagtitipon, ibahagi sa grupo ang ginawa ng Diyos na tugon sa mga *prayer requests* na ito.

Lesson 4

# MEANINGLESS VS MEANINGFUL PRAYER

## MATEO 6:7-13

*At sa pananalangin ay huwag kayong gumamit ng walang kabuluhang paulit-ulit, na tulad ng ginagawa ng mga Hentil, sapagkat inaakala nilang sila ay pakikinggan dahil sa marami nilang salita. [8]Huwag nga kayong tumulad sa kanila, sapagkat alam na ng inyong Ama ang mga bagay na inyong kinakailangan, bago pa kayo humingi sa kanya. [9]Manalangin nga kayo nang ganito: 'Ama naming nasa langit, sambahin nawa ang pangalan mo. [10]Dumating nawa ang kaharian mo. Masunod nawa ang kalooban mo, kung paano sa langit, gayundin naman sa lupa. [11]Bigyan mo kami ngayon ng aming pagkain sa araw-araw. [12]At patawarin mo kami sa aming mga utang, gaya rin namin na nagpapatawad sa mga may utang sa amin. [13]At huwag mo kaming dalhin sa tukso, kundi iligtas mo kami sa masama.'*

## PANIMULA

1. Magbahagi ng isang bagay na ginawa mo na sa tingin mo pagkatapos ay wala namang kabuluhan. Ano ang naramdaman mo pagkatapos?

*Tulay sa Pag-aaral:* Ganoon din sa panalangin. Minsan ay nagsasalita lang tayo nang walang kabuluhan ang ating ginagawa dahil wala sa puso natin ang panalangin. Minsan ay nagiging ritwal lang, makapanalangin lang. Ngayon ay nais ituro sa atin ni Cristo kung paano iwasan ang walang kabuluhang (*meaningless*) panalangin (vv. 7-8) at kung paano magkaroon ng makabuluhang (*meaningful*) panalangin (vv. 9-13).

## PAGSASALIKSIK

2. Basahin ang Mateo 6:7-8. Ayon sa verse 7, ano ang ipinagbawal ni Cristo na gawin natin kapag tayo ay nananalangin? Ano ang kahulugan ng "walang kabuluhang paulit-ulit"?

3. Magbigay ng ilang mga halimbawa ng panalanging paulit-ulit na walang kabuluhan? Naranasan mo bang manalangin nang ganito?

4. Sa verse 7, ano ang dahilan na binigay ni Jesus bakit ang mga Hentil ay nananalanging katulad nito? Ano ang nais niyang makita nating dahilan kung bakit hindi tayo dapat tumulad sa kanila?

5. Masama ba ang paulit-ulit na panalangin? Tingnan ang Mateo 18:1; 2 Corinto 12:8 at Mateo 26:44. Kung hindi masama ang paulit-ulit na panalangin, ano ang ipinagbabawal ni Cristo sa paulit-ulit na panalangin?

6. Sa verse 8, ano pang isang dahilan ang ibinigay ni Cristo kung bakit hindi tayo dapat tumulad sa mga Hentil sa kanilang panalangin?

7. Sa tingin mo, kung alam na ng Diyos ang kailangan natin at maibibigay naman niya ito sa atin kung gugustuhin niya, bakit kinakailangan pa tayong manalangin?

8. Sabi ni Martyn Lloyd-Jones, "Gusto ng Diyos na mapagtanto natin kung sino Siya, at mapagtanto ang ating lubos na pananangan sa Kanya. Hindi Niya kailangan ang ating mga opinyon at ating panlabas at mekanikal na mga gawa. Gusto Niya na tumawag tayo sa Kanya, na hanapin ang Kanyang kaligtasan." Sang-ayon ka ba sa kanya? Bakit o bakit hindi?

9. Basahin ang Mateo 6:9-13. Kaiba sa panalangin ng mga Hentil at mga mapagkunwaring mga relihiyong Judio noong panahon ni Jesus, ano ang klase ng panalangin na itinuturo niya? Ano ang mapapansin mo dito na kakaiba sa mga nakasanayan nating panalangin?

10. Paanong ang panalanging ito ay matatawag na makabuluhan (*meaningful*)?

## PAGSASABUHAY

11. Sa isang pangungusap, ano ang pinakamahalagang prinsipyo o konsepto ang natutunan mo tungkol sa panalangin at sa buhay Cristiano?

12. Ano ang isang bagay na sisimulan mong gawin upang magkaroon ng kabuluhan ang iyong panalangin? (Maaaring isaulo ang "Ama Namin," namnamin ang mensahe ng panalanging ito, at simulang manalangin ayon dito.)

Lesson 5

# "OUR FATHER IN HEAVEN"

## MATEO 6:9-13

*Manalangin nga kayo nang ganito: '**Ama naming nasa langit**, sambahin nawa ang pangalan mo. [10]Dumating nawa ang kaharian mo. Masunod nawa ang kalooban mo, kung paano sa langit, gayundin naman sa lupa. [11]Bigyan mo kami ngayon ng aming pagkain sa araw-araw. [12]At patawarin mo kami sa aming mga utang, gaya rin namin na nagpapatawad sa mga may utang sa amin. [13]At huwag mo kaming dalhin sa tukso, kundi iligtas mo kami sa masama.'*

## PANIMULA

1. Paano mo isasalarawan ang klase ng pakikipag-usap mo sa iyong asawa, magulang, anak, o kaibigan? Ano ang pagkakaiba nito sa pakikipag-usap mo sa isang taong hindi mo masyadong kakilala?

*Tulay sa Pag-aaral:* Malaki ang magiging kaibahan ng panalangin natin kung mas kilala natin ang Diyos. Mas magiging *intimate* ang panalangin natin kung mas kilala natin siya. Kung hindi naman, magiging parang *duty* lang ito na napipilitan tayong gawin. Sa bungad ng *The Lord's Prayer*, ito ang itinuturo ni Jesus na pagkakilala natin sa Diyos na kakausapin natin sa panalangin, "Ama naming nasa langit."

## PAGSASALIKSIK

2. "Ama naming nasa langit." Sino lang dapat ang kausap natin sa panalangin? Bakit? Tingnan din ang Hebreo 11:6.

3. May mga pagkakataon ba na parang hindi ang Diyos ng Biblia ang kinakausap natin sa panalangin? Magbigay ng mga halimbawa.

4. Ano ang magiging epekto sa panalangin natin kung itutuon lamang natin ang ating isipan sa Diyos?

5. Pagtuunan naman ngayon ng pansin ang “Ama namin.” Anong klaseng relasyon ang nais ni Jesus na mayroon tayo sa Diyos? Tingnan din ang Galacia 4:6.

6. Ano ang malaking pagkakaiba ng panalangin ng isang ‘di Cristiano at ng isang tunay na Cristiano? Tingnan ang Juan 8:44 at 1:12.

7. Anong katiyakan sa sagot sa panalangin ang mayroon tayo kung ang Diyos ay ating Ama? Tingnan ang Mateo 6:31-32.

8. Tingnan naman ngayon ang “nasa langit.” Ano ang ibig sabihin na ang Diyos ay nasa langit? Tingnan ang Mateo 5:34.

9. Basahin ang Efeso 3:20. Kung ang Diyos ay “nasa langit,” ano ang sinasabi nito sa kanyang kapangyarihang gawin ang mga bagay na hinihiling natin? Sa anong bagay nagkukulang tayo ng pagtitiwala sa magagawa ng Diyos sa panalangin?

10. Kung ang Diyos as “nasa langit,” sino ang dapat masunod sa panalangin natin? Ang Diyos ba o tayo? Sa paanong paraan nakikita sa atin na mas gusto nating tayo ang masunod sa halip na ang Diyos?

## PAGSASABUHAY

11. Ano ang isang bagay na ipinanalangin mo ngayon? Sa tingin mo ba ay naaayon ito sa kagustuhan ng Diyos? Mayroon bang ugali sa iyong pananalangin na kailangang itama (tulad ng pagkamakasarili, pagiging *materialistic*, pagkainip, o kakulangan ng pagtitiwala sa Diyos)? Ano ang gagawin mo para maitama ito?

12. Ipanalanging mas makilala pa ng bawat isa ang Diyos bilang nag-iisang tunay na Diyos, Amang mahabagin sa lahat, at Haring makapangyarihan sa lahat.

Lesson 6

# "HALLOWED BE YOUR NAME"

## MATEO 6:9-13

*Manalangin nga kayo nang ganito: 'Ama naming nasa langit,*
***sambahin nawa ang pangalan mo**. 10 Dumating nawa ang*
*kaharian mo. Masunod nawa ang kalooban mo, kung paano sa*
*langit, gayundin naman sa lupa. 11 Bigyan mo kami ngayon ng*
*aming pagkain sa araw-araw. 12 At patawarin mo kami sa*
*aming mga utang, gaya rin namin na nagpapatawad sa mga*
*may utang sa amin. 13 At huwag mo kaming dalhin sa tukso,*
*kundi iligtas mo kami sa masama.'*

## PANIMULA

1. Mahalaga sa isang tao ang kanyang pangalan. Magbahagi ng ilang mga bagay tungkol sa kahulugan ng inyong pangalan o sa pangalan ng inyong anak.

*Tulay sa Pag-aaral:* Mahalaga sa atin ang ating pangalan. Inaalagaan natin ito upang hindi ito madungisan. Gayundin, mahalaga sa Diyos ang kanyang pangalan. Kaya ito ang unang-una sa panalangin natin – ang para sa pangalan ng Diyos. Ngunit ano nga ba ang ibig sabihin ng "pangalan" ng Diyos? Ano ang ibig sabihin ng "sambahin" o "*hallowed be*" sa salin sa *English*? Ano ang hinihiling natin sa Diyos kung ipananalangin natin ito? Paano tayo mananalangin nang ganito? Ilan ito sa sasagutin natin sa pag-aaral na ito.

## PAGSASALIKSIK

2. Sa anu-anong pagkakataon makikita sa atin na tayo ay may mga maling prayoridad (*misplaced priorities*)? Paano ito maitatama sa pamamagitan ng itinuturo ni Jesus sa *Lord's Prayer*?

3. Ano ang kahalagahan ng "pangalan" sa panahon sa Biblia? Ano ang kaibahan nito sa ngayon? Ano ang kahulugan ng "pangalan" ng Diyos?

4. Magbigay ng ilang mga pangalan ng Diyos na nakasulat sa Biblia. Magbanggit ng ilang mga katangian ng Diyos na ipinahayag niya sa Biblia at sa iyong buhay. Bakit mahalagang balik-balikan natin ang mga ito?

5. Ano ang kahulugan ng "sambahin"? Ang literal na salin nito ay "pabanalin." Ano ang ibig sabihin ng "pabanalin" kung ang tinutukoy ay mga mananampalataya (tingnan ang Juan 17:17 at 1 Tesalonica 5:23)? Ano ang pagkakaiba ng kahulugan nito kung ang tinutukoy ay ang Diyos (tingnan ang Isaias 29:22-23)?

6. Anu-ano ang hinihiling nating gawin ng Diyos kung ipapanalangin natin ang "sambahin nawa ang pangalan mo"? Katulad ito ng pagnanais ng Diyos sa Ezekiel 36:20-23, ni Jesus sa Juan 12:27-28, at ni Moises sa Exodo 33:18-19.

7. Anu-ano ang maaari nating gawin sa panalangin natin upang maisabuhay ang unang panalangin na itinuro ni Cristo, "Sambahin nawa ang pangalan mo"? Magbigay ng mga halimbawa.

## PAGSASABUHAY

8. Anong bahagi ng buhay mo ngayon ang sa tingin mo ay hindi nakapagbibigay ng karangalan sa Diyos? Ano ang maaari mong ipanalangin at gawing hakbang upang mabago ito at mabigyang karangalan ang Diyos?

9. Sino ang nais mong idulog ngayon sa panalangin upang mahayag ang kaluwalhatian ng Diyos sa pamamagitan ni Cristo sa buhay niya?

10. Anong pangyayari sa bansa natin ang hindi nakaluluwalhati sa Diyos? Isama din ito sa panalangin.

## PARA SA LEADER:

**No. 3**: Ito ay tumutukoy sa mga katangian ng Diyos at sa lahat ng mga bagay na ipinahayag niyang totoo sa kanyang sarili - sa Biblia, sa kanyang mga nilikha, at sa kanyang gawa sa kasaysayan.

**No. 5**: Galing ito sa salitang Griyego na *hagiazo* na ang literal na kahulugan ay "pabanalin" (sa English ay "*hallow*" o "*make holy*"). Ang salitang *hagiazo* rin ang pinagmulan ng mga salitang *saint*, *holy*, *sanctify*, *sanctification*.

**No. 6**: Sa pamamagitan nito hinihiling natin na gawin ng Diyos ang lahat ng kanyang dapat gawin upang mabigyan siya ng karangalan sa buhay ng mga tao sa buong mundo, at sa pamamagitan din natin na magpapahayag ng kanyang kadakilaan sa ibang tao sa salita at sa gawa natin.

**No. 7**: Maaaring banggitin sa Diyos ang kanyang mga pangalan at mga katangian at ipanalanging maihayag ito sa bahagi ng buhay natin o buhay ng ibang tao na hindi nakalulugod sa Diyos o hindi nakapagbibigay sa kanya ng karangalan.

Lesson 7
# "YOUR KINGDOM COME"

## MATEO 6:9-13

*Manalangin nga kayo nang ganito: 'Ama naming nasa langit,*
*sambahin nawa ang pangalan mo.* 10***Dumating nawa ang***
***kaharian mo****. Masunod nawa ang kalooban mo, kung paano*
*sa langit, gayundin naman sa lupa.* 11*Bigyan mo kami ngayon*
*ng aming pagkain sa araw-araw.* 12*At patawarin mo kami sa*
*aming mga utang, gaya rin namin na nagpapatawad sa mga*
*may utang sa amin.* 13*At huwag mo kaming dalhin sa tukso,*
*kundi iligtas mo kami sa masama.'*

## PANIMULA

1. Ano ang ilan sa mga huling balita na napanood mo sa TV o nabasa sa diyaryo? Karamihan ba dito ay maganda o masama? Ano ang nararamdaman mo sa mga nangyayari ngayon?

*Tulay sa Pag-aaral:* Nakikita natin na pasama nang pasama ang mundo natin. Lalong lumalala ang mga nangyayari. Ngunit mayroon tayong pag-asa bilang mga Cristiano. Darating ang araw na mababago ang lahat ng ito (Isa. 1:26; 65:17-24). Magiging ganap na ang paghahari ng Diyos. Ngunit ngayon, nakikita na ito sa puso ng maraming tao (sa mga tunay na Cristiano). Bago dumating ang araw na iyon, mahalaga ang gampanin ng panalangin nating mga banal upang tuluyang magapi ang kasamaan (Pahayag 8:1-5). Mahalagang matutunan nating ipanalangin, "Dumating nawa ang kaharian mo."

## PAGSASALIKSIK

2. Ano ang kaugnayan ng unang hiling ("sambahin nawa ang pangalan mo") sa *Lord's Prayer* at ng ikalawang hiling ("dumating nawa ang kaharian mo")?

3. Ano ang kahulugan ng “kaharian ng Diyos”? Ano ang kaibahan nito sa karaniwang pagkakaunawa natin ngayon sa salitang “kaharian”?

4. Paano isinasalarawan ang kaharian ng Diyos sa Awit 145:11-13 at 103:19? Kung ganito ang katangian ng kaharian ng Diyos, ano ang implikasyon nito sa pagtingin natin sa mga kaharian o pamahalaan sa lupa?

5. Sa Lumang Tipan ay ipinangako ang pagdating ng kaharian ng Diyos. Kailan ito dumating? Sa paanong paraan? Basahin ang Mateo 4:23 at 9:35.

6. Sa anu-anong paraan nakikita na ngayon ang paghahari ng Diyos? Sa anu-anong paraan naman hindi ito nakikita?

7. Ayon sa Pahayag 11:15, darating ang araw na magiging ganap na ang paghahari ni Cristo. Anong nakikita mo na mangyayari sa panahong ito? Ano ang kaibahan nito sa mga nakikita mong nangyayari ngayon?

8. Bakit nalulugod ang Diyos kung ipapanalangin natin ang pagdating ng kanyang kaharian?

9. Anu-ano ang nakikita mong mangyayari kung ipapanalangin mo ang ganap na paghahari ng Diyos sa iyong buhay, sa iyong pamilya, sa church, sa ating bansa, at sa buong mundo?

## PAGSASABUHAY

10. Sa anu-anong bahagi ng iyong buhay hindi nakikita ang pagpapasakop mo sa paghahari ng Diyos? Ibahagi ito sa grupo upang ipanalangin.

11. Ano ang gusto mong ipanalangin ukol sa isang bagay na nangyayari sa paligid mo na hindi nakikita ang paghahari ng Diyos (halimbawa ay sa pamilya o sa bansa natin)?

12. Ano ang itatalaga mo sa Haring Diyos na gagawin mo sa susunod na mga araw upang maipakita ang kanyang paghahari sa buhay mo at makita ng ibang tao ang kapangyarihan ng nag-iisang Hari?

## PARA SA LEADER:

**No. 1**: Ang unang hiling ay ang dakilang layunin ng Diyos – ang kanyang karangalan. Ang ikalawa ay ang "programa" ng Diyos upang matamo ang kanyang layunin. Ang kanyang paghahari ang magbibigay sa kanya ng karangalan.

**No. 2**: Pangunahing kahulugan nito ay ang gawain ng Diyos upang pamahalaan o pangunahan ang kanyang nilikha, hindi tulad ng alam natin ngayon na kahariang tumutukoy sa isang teritoryo o lupain, o kaya'y sa mga taong nasasakupan ng isang hari.

## Lesson 8
# "YOUR WILL BE DONE"

## MATEO 6:9-13

*Manalangin nga kayo nang ganito: 'Ama naming nasa langit, sambahin nawa ang pangalan mo.*
*[10]Dumating nawa ang kaharian mo.* ***Masunod nawa ang kalooban mo, kung paano sa langit, gayundin naman sa lupa.***
*[11]Bigyan mo kami ngayon ng aming pagkain sa araw-araw.*
*[12]At patawarin mo kami sa aming mga utang, gaya rin namin na nagpapatawad sa mga may utang sa amin.*
*[13]At huwag mo kaming dalhin sa tukso, kundi iligtas mo kami sa masama.'*

## PANIMULA

1. Magbahagi ng isang karanasan kung saan may gusto kang gawin na isang bagay o kaya'y gusto mong mangyari ngunit hindi nangyari. Ano ang naramdaman mo?

*Tulay sa Pag-aaral:* May mga kagustuhan tayo. Kapag hindi nangyari, maaaring nandoon ang pagkalungkot, pagkainis, o minsa'y pagkagalit. Ngunit dapat nating malaman na hindi ang kagustuhan o kalooban natin ang dapat masunod sa lahat ng pagkakataon kundi ang kalooban ng Diyos. Mayroon ba tayong ganoong klaseng pagkalungkot kapag hindi nasusunod ang kalooban ng Diyos sa buhay natin o sa buhay ng ibang tao? Matututunan natin sa pangatlong panalangin sa *Lord's Prayer* ang kahalagahan na ang kagustuhan natin ay maging kaayon sa kagustuhan ng Diyos, at ipanalanging masunod ito sa buhay ng iba, at sa buong mundo.

## PAGSASALIKSIK

2. Ano ang kaugnayan ng ikatlong hiling sa una at ikalawa?

3. May dalawang klase ng "kalooban ng Diyos" na binabanggit sa Bibliya. Ang "pasya" ng Diyos (Daniel 4:35; Efeso 1:11) at ang "utos" ng Diyos (halimbawa, 1 Tesalonica 4:3; 5:16-18). Bakit ang "utos" ng Diyos ang tinutukoy ni Jesus na ipanalanging masunod sa ikatlong hiling sa *Lord's Prayer*? Patunayan.

4. Ano ang matututunan natin kay David sa Awit 40:8 at kay Jesus sa Juan 4:34 tungkol sa pagsunod sa kalooban ng Diyos? Tingnan din ang 1 Juan 5:14.

5. Basahin ang 2 Timoteo 2:26, Mateo 7:21, at 1 Juan 2:17. Ayon sa mga talatang ito, bakit kailangang ipanalangin natin para sa mga tao dito sa lupa na masunod ang kalooban ng Diyos? Ano ang kahihinatnan ng mga taong hindi sumusunod sa kalooban ng Diyos?

6. Basahin ang 1 Pedro 4:2 at Roma 12:1-2. Ano ang pagkakatawag ng Diyos sa ating mga mananampalataya? Bakit mahalagang ipanalangin nating masunod ang kanyang kalooban sa ating buhay? Paano natin malalaman kung ano ang kalooban ng Diyos?

7. Basahin ang Filipos 2:12-13. Paano ito makapagbibigay sa atin ng "*encouragement*" sa atin na gawin ang kalooban ng Diyos?

8. Ano ang kahalagahan na ipanalangin nating masunod ang kalooban ng Diyos sa lupa tulad ng sa langit? Paano ba nasusunod ang kalooban ng Diyos sa langit? Ano ang dapat nating gawin upang masunod ang kalooban ng Diyos sa buhay natin at sa ibang tao nang gaya sa langit?

## PAGSASABUHAY

9. Anong bahagi ng iyong buhay ang nakikita mong hindi nasusunod ang kalooban ng Diyos? Ano ang ipapanalangin mo ukol dito? Ano ang gagawin mo para matiyak na nasusunod ang kalooban ng Diyos?

10. Ipanalangin din ang ilang kakilala na nakikita mong hindi nasusunod ang kalooban ng Diyos sa buhay nila. (Huwag nang banggitin ang pangalan.)

11. Ipanalangin ding bigyan ka ng "prayer partner" (kung wala pa) na ipapanalangin mo at mananalangin para sa iyo nang regular (kahit minsan sa isang linggo).

## PARA SA LEADER:

**No. 1**: Ang unang hiling ay ang dakilang layunin ng Diyos – ang kanyang karangalan. Ang ikalawa ay ang "programa" ng Diyos upang matamo ang kanyang layunin. Ang kanyang paghahari ang magbibigay sa kanya ng karangalan. Ang ikatlong hiling naman – pagsunod sa kalooban ng Diyos – ay magpapatunay ng pagkilala sa paghahari ng Diyos, at sa gayo'y makapagbibigay karangalan sa Diyos.

Lesson 9

# "GIVE US THIS DAY OUR DAILY BREAD"

## MATEO 6:9-13

*Manalangin nga kayo nang ganito: 'Ama naming nasa langit, sambahin nawa ang pangalan mo.* [10]*Dumating nawa ang kaharian mo. Masunod nawa ang kalooban mo, kung paano sa langit, gayundin naman sa lupa.* [11]***Bigyan mo kami ngayon ng aming pagkain sa araw-araw***. [12]*At patawarin mo kami sa aming mga utang, gaya rin namin na nagpapatawad sa mga may utang sa amin.* [13]*At huwag mo kaming dalhin sa tukso, kundi iligtas mo kami sa masama.'*

## PANIMULA

1. Naranasan mo na bang magreklamo sa Diyos dahil may hinihingi kang sa tingin mo ay kailangan mo, tapos hindi niya agad ibinigay o hindi talaga ibinigay? Ano ang natutunan mo sa pangyayaring ito?

*Tulay sa Pag-aaral:* Minsan hindi natin maintindihan kung bakit may mga panalangin tayong hindi ibinibigay ng Diyos, gayong sa tingin naman natin ay kailangan natin ang hinihiling natin. Maraming itinuturo sa atin ang Diyos sa mga panahong ito. Tulad ng paghihintay sa tamang panahon ng Diyos, pagsisiyasat kung kailangan ba talaga ang hinihiling, at pagtitiyaga sa panalangin. Ngunit higit sa mga ito, pangunahing itinuturo sa atin na tayo ay **dapat lubos na umasa sa Diyos lamang na siyang nagkakaloob nang sagana sa lahat ng ating mga pisikal na pangangailangan at ng ibang tao sa pamamagitan natin**. Ito ang itinuturo ng ika-apat na hiling sa *Lord's Prayer*, "Bigyan mo kami ngayon ng aming pagkain sa araw-araw."

## PAGSASALIKSIK

2. Ano ang kaibahan ng ika-apat na hiling sa naunang tatlo? Bakit mahalaga na mauna ang unang tatlong hiling bago ito at mga susunod pa? Ano ang itinuturo nito sa atin tungkol sa paglapit natin sa Diyos?

3. Ano ang ipinapakita ng hiling na “bigyan” tayo ng Diyos? Anong klaseng relasyon ang nais ng Diyos dito? Tingnan ang Mateo 7:11 at Awit 34:8-10.

4. Ang tinutukoy na “pagkain” sa panalanging ito ay, sa literal na salin, “tinapay.” Ito ay kumakatawan sa lahat ng mga pisikal na pangangailangan natin upang mabuhay dito sa lupa. Ano ang itinuturo nito tungkol sa mga dapat nating hilingin (*needs vs. wants*)? Basahin din ang Filipos 4:19 at Kawikaan 20:8-9.

5. Ano ang kahalagahan ng salitang “ngayon” at “araw-araw” sa panalanging ito? Ano ang itinuturo nito para sa mga naghihirap (tingnan ang Mateo 6:31-34; Awit 145:15-16)? Sa mga masagana sa buhay (tingnan ang Kawikaan 27:1)?

6. Bakit “kami” at “amin” ang ginamit na salita sa panalanging ito, at bakit hindi “ako” at “akin”? Ano ang itinuturo nito tungkol sa panalangin natin para sa ibang tao at responsibilidad natin para sa ibang nangangailangan? Tingnan ang 1 Timoteo 6:18 at Galatia 6:10.

7. Gaano karaming oras ang inilalaan mo sa pananalangin para sa sarili kung ikukumpara sa pananalangin para sa iba? Ano ang ipinapakita nito sa iyo?

## PAGSASABUHAY

9. Ano ang pinakamahalagang aral ang natutunan mo sa panalanging ito?

10. Anong pagbabago ang gagawin mo sa paraan ng iyong pananalangin?

11. Ibahagi ang iyong *prayer request* sa grupo. Siyasatin kung ang panalanging ito ay pangangailangan. Ipanalangin din ang iba na nangangailangan sa buhay.

12. Pagkatapos manalangin, mag-usap ang grupo kung ano ang gagawin para sa isa sa mga kapatiran na malaki ang pangangailangan ngayon. Paano ninyo siya/sila matutulungan? Gumawa ng konkretong plano.

Lesson 10

# "FORGIVE US OUR DEBTS"

## MATEO 6:9-13

*Manalangin nga kayo nang ganito: 'Ama naming nasa langit,*
*sambahin nawa ang pangalan mo.* 10*Dumating nawa ang*
*kaharian mo. Masunod nawa ang kalooban mo, kung paano sa*
*langit, gayundin naman sa lupa.* 11*Bigyan mo kami ngayon ng*
*aming pagkain sa araw-araw.* 12***At patawarin mo kami sa***
***aming mga utang, gaya rin namin na nagpapatawad sa***
***mga may utang sa amin.*** 13*At huwag mo kaming dalhin sa*
*tukso, kundi iligtas mo kami sa masama.'*

## PANIMULA

1. Kung oobserbahan mo ang pananalangin ng ibang tao at kahit sa sarili mong panalangin, ano ang mas mahalaga para sa atin – matugunan ang mga pisikal na pangangailangan o espiritwal? Bakit kaya ganito?

*Tulay sa Pag-aaral:* Maraming tao ang nananalangin upang matugunan ang kanilang mga pisikal na pangangailangan. Ngunit marami ay dito na lang nahihinto. Nakakalimutan na na mas malaking pangangailangan ang kanilang dapat bigyan ng solusyon – ang problema ng kasalanan. At ang solusyon dito ay ang kapatawaran ng Diyos at ang kanyang proteksiyon laban sa tukso at gawa ng kaaway. Ito ang ikalima at ika-anim na hiling sa *Lord's Prayer*. Ngayon ay pag-aaraalan natin ang ikalima, "At patawarin mo kami sa aming mga utang, gaya rin namin na nagpapatawad sa mga may utang sa amin."

## PAGSASALIKSIK

2. Ang salitang "at" ang nagdudugtong sa ika-apat at ikalimang hiling at nagpapakita ito ng malapit na koneksiyon ng dalawa na hindi natin puwedeng paghiwalayin. Ano ang koneksiyon na ito na gustong ipakita ni Jesus?

3. Ipinapakita sa kabuuan ng *Lord's Prayer* na sa Diyos lamang tayo dapat umasa upang matugunan ang lahat ng bagay na kailangan natin. Sa ikalimang hiling, anong pangangailangan ang dapat sa Diyos lamang natin iasa upang matugunan ito?

4. Bakit mayroon tayong kumpiyansa na tayo'y patatawarin sa ating mga kasalanan kung tayo ay lalapit sa kanya na tunay ang pagsisisi? Tingnan ang 1 Juan 1:9.

5. Ano ang "utang" natin sa Diyos? Tingnan din ang Lukas 11:4 at Mateo 6:14-15. Gaano kalaki ang "utang" na ito? Kaya ba nating bayaran ito? Sa paanong paraan pilit binabayaran ito ng mga tao?

6. Tingnan ang Colosas 2:13-14 at Efeso 1:7. Paanong ang mga Cristiano ay pinatawad na ng Diyos? Ayon sa Mikas 7:18-19 at Awit 103:11-12, anong klaseng pagpapatawad ang ginawa ng Diyos?

7. Kung tayo'y pinatawad na sa lahat ng ating mga kasalanan nang tayo'y unang sumampalataya kay Cristo, bakit pa tayo dapat humingi ng tawad sa araw-araw? Kung gayon, ano ang isang praktikal na bagay na dapat nating gawin sa araw-araw?

8. Ano ang kahulugan ng "gaya rin namin na nagpapatawad sa mga may utang sa amin"? Paano ito nagbibigay ng kumpiyansa sa paglapit natin sa Diyos (v. 14)? Paano naman ito nagsisilbing babala sa mga taong hindi nagpapatawad ng iba (v. 15)?

9. Maaari bang maging totoo ang paghingi natin ng tawad sa Diyos kung wala naman ‘yung puso natin na handang magpatawad sa iba? Paano ito isinalarawan sa talinghaga ni Jesus sa Mateo 18:23-35? Tingnan din ang Colosas 3:12.

## PAGSASABUHAY

10. Sa isang pirasong papel, isulat ang isang kasalanan na nais mong ihingi ngayon ng tawad sa Diyos. Kung kaya mo itong ibahagi sa grupo, gawin mo. Pagkatapos ay magkaroon ng sama-samang pananalangin ng pagsisisi at paghingi ng tawad.

11. Mayroon ka bang nakagalit nitong mga nakaraang araw na hindi pa naaayos? Ano ang gagawin mo? Hilingin sa Diyos ang pusong mapagpatawad at pusong mapagpakumbaba upang humingi ng tawad.

## PARA SA LEADER:

**No. 8**: Hindi ibig sabihin nito, “Ama naming Diyos, tularan mo kami. Kung kami nga nagpapatawad, dapat ikaw din.” Hindi ganoon! Ibig sabihin, “Ama naming Diyos, biyaya mo rin na kami ay magkaroon ng pusong nagpapatawad sa iba. Isa itong patunay na kami ay tunay na mga anak mo (“*Blessed are the peacemakers, for they shall be called sons of God*,” Matt. 5:9). Kaya alam namin na kami’y patatawarin mo sa aming nagawang kasalanan.” *We are confident that he will forgive because God’s forgiveness of us is reflected in our forgiving of others.*

Lesson 11

# "DELIVER US FROM EVIL"

## MATEO 6:9-13

*Manalangin nga kayo nang ganito: 'Ama naming nasa langit,
sambahin nawa ang pangalan mo. [10]Dumating nawa ang
kaharian mo. Masunod nawa ang kalooban mo, kung paano sa
langit, gayundin naman sa lupa. [11]Bigyan mo kami ngayon ng
aming pagkain sa araw-araw. [12]At patawarin mo kami sa
aming mga utang, gaya rin namin na nagpapatawad sa mga
may utang sa amin. [13]**At huwag mo kaming dalhin sa tukso,
kundi iligtas mo kami sa masama.**'*

## PANIMULA

1. Ano ang pagkakaiba ng "*attitudes*" o saloobin ng mga tao sa panahon ng giyera (halimbawa, *World War II*) kung ikukumpara sa ngayon na wala namang giyera?

*Tulay sa Pag-aaral:* Ang buhay Cristiano ay isang digmaan. Hindi natin puwedeng sabihing walang digmaang nangyayari. Hangga't naririto tayo sa lupa at may kasalanang nasasaatin pa at mga kampon ng diyablo na tumutukso sa atin upang magkasala, ang buhay natin ay parang isang giyera. Nakikipaglaban tayo. Ito ay isang espirituwal na pakikipaglaban (Efeso 6:12) at isang sandatang dapat nating gamitin ay ang palagiang pananalangin (v. 18) para sa proteksiyon ng Diyos laban sa masama. Si Jesus mismo ang nagturo sa atin kung ano ang dapat na panalangin natin, "At huwag mo kaming dalhin sa tukso, kundi iligtas mo kami sa masama" – ito ang ikaanim na hiling sa *Lord's Prayer*.

## PAGSASALIKSIK

2. Sa tingin mo ba ay mahalagang ang mga Cristiano ngayon ay mayroong "*wartime mentality*" o pag-iisip na totoong may espiritwal na digmaang nangyayari? Bakit? Paano kung ang isang Cristiano ay hindi isinasaisip ang "digmaang" ito?

3. Pansinin ang salitang "at" na nagdudugtong sa ikalima at ikaanim na hiling. Ano ang kaugnayan ng dalawang panalangin (isang tungkol sa kapatawaran at isang tungkol sa proteksiyon ng Diyos laban sa masama)? Bakit hindi sapat na "kapatawaran" lamang ang hilingin natin kundi "proteksiyon" din ng Diyos?

4. Sa panalanging ito, mahalagang makilala natin ang ating mga kaaway ("tukso…masama"). Ayon sa 1 Pedro 5:8-9, sino ang ating kaaway? Ano ang ginagawa niya upang mahulog tayo sa kasalanan?

5. Ang diyablo lang ba ang may kasalanan kung bakit tayo nahuhulog sa tukso? Ayon sa Santiago 1:13-15, ano pa ang ating kaaway? Bakit mahalagang malaman natin ang sarili nating kahinaan laban sa tukso ng diyablo?

6. Sa panalanging ito, mahalaga din ang pagtitiwala sa Diyos. Ano ang kumpiyansa o katiyakan natin na sasagutin ng Diyos ang dalangin nating hindi tayo madala sa tukso at sa halip ay mailigtas mula sa masama? 1 Corinto 10:13; 2 Timoteo 4:17-18. Ano ang magiging epekto nito sa panalangin natin?

7. Sa panalanging ito, mahalaga din ang pagtutulungan ng magkakapatid kay Cristo ("kami"). Kung alam mo na may nananalangin sa iyo para magtagumpay ka sa isang pagsubok o tukso, ano ang mararamdaman mo?

8. Bakit mahalagang ipanalangin natin ang ibang tao upang magtagumpay sila laban sa tukso at kasalanan? Ano ang nakikita mong malaking pagkukulang nating mga Cristiano tungkol dito?

## PAGSASABUHAY

9. Sa mga nagdaang pag-aaral tungkol sa *Lord's Prayer*, ano ang isang pinakamahalagang bagay na natutunan mo? Paano ito nakatulong sa iyong buhay panalangin at sa iyong pamumuhay Cristiano?

10. Ano ang patuloy mong ipagkakatiwala sa Diyos na gagawin mong pagbabago sa buhay mo dahil sa mga napag-aralan natin tungkol sa panalangin?

11. Sa isang papel, sumulat ng isang panalangin sa Diyos na nagsasabi kung ano ang nilalaman ng iyong puso at isang bagay na ipagkakatiwala sa kanya na gagawing pagbabago sa iyong *prayer life*.

Lesson 12

# "HOUSE OF PRAYER FOR ALL THE NATIONS"

## MARCOS 11:15-17

*Pagkatapos ay dumating sila sa Jerusalem. Pumasok siya sa templo at sinimulan niyang itaboy ang mga nagbibili at ang mga bumibili sa loob ng templo. Ipinagtataob niya ang mga mesa ng mga nagpapalit ng salapi at ang mga upuan ng mga nagbibili ng mga kalapati.*
16 *Hindi niya pinahintulutan ang sinuman na magdala ng anuman na padadaanin sa templo.*
17 *Nagturo siya at sinabi, "Hindi ba nasusulat, 'Ang aking bahay ay tatawaging bahay-panalanginan para sa lahat ng mga bansa?' Ngunit ginawa ninyo itong yungib ng mga magnanakaw."*

## PANIMULA

1. Kung pupunta ka sa SM at tatanungin mo ang karaniwang tao, "Bakit ka pumupunta sa *church*?", ano sa tingin mo ang isasagot niya?

*Tulay sa Pag-aaral:* Iba't iba ang dahilan ng mga Cristiano sa pagpunta sa *church*. Maaaring ang iba ay kalugud-lugod sa Diyos ngunit alam natin na ang ilan sa mga dahilang ito ay hindi nakalulugod sa kanya dahil hindi ito ang layunin niya para sa *church* o iglesia. Ang talatang pag-aaralan natin ngayon ay magpapakita sa atin kung ano ang layunin ng Diyos sa paglikha sa iglesia sa pamamagitan ng paghahalintulad nito sa templo ng mga Judio. Makikita natin sa reaksiyon ni Jesus sa mga tao sa templo ang kanyang masidhing pagnanais na maibalik ang diwa ng pagsamba sa paggamit ng templo.

## PAGSASALIKSIK

2. Ano ang nadatnan ni Jesus at ng kanyang mga alagad sa pagpasok nila sa templo? Bakit sinabi ni Jesus sa dulo ng verse 17 na ginawa nilang "yungib ng mga magnanakaw" ang templo, na hango sa Jeremias 7:9-11?

3. Ano ang makikita natin ditong maling pag-uugali ng mga tao na nangyayari hanggang sa kasalukuyan sa pagtingin ng mga tao sa simbahan o *church*?

4. Ano ang reaksiyon ni Jesus sa nakita niya? Sa tingin mo ba ay pangkaraniwan lang ang ginawa niya? Ano sa tingin mo ang magiging reaksiyon ng mga tao sa ginawa niya?

5. Sa unang paglilinis na ginawa niya sa templo sa Juan 2:13-22, ano ang konklusyon ng mga alagad niya sa ginawa niya (v. 17)? Ano ang ipinapakita nito tungkol sa damdamin ni Jesus patungkol sa karangalan ng Ama? Ano ang matututunan natin dito tungkol sa damdamin natin para sa *church*?

6. Ano ang binigyang diin ni Jesus na layunin ng templo sa Marcos 11:17 ("bahay-panalanginan")? Ganito rin ba ang layunin ng *church* (komunidad ng mga taga-sunod ni Cristo, hindi gusali)? Tingnan ang 1 Pedro 2:5.

7. Sa tingin mo, paano kaya natin maitutuwid ang ating mga gawi sa *church* na hindi nakalulugod sa Diyos, at hindi nagpapakita ng tunay na pagsamba at pananalangin?

8. Ayon kay Jesus, batay sa Isaias 56:6-7, ang "bahay-panalanginan" ay "para sa lahat ng mga bansa." Ano ang koneksiyon ng pagsamba at pananalangin sa misyon ng iglesia na abutin ang marami pang tao na hindi nakakakilala kay Cristo?

9. Ano ang pagkakatulad (sa negatibong aspeto) ng mga Judio at ng ilang mga Cristiano ngayon sa pagsunod sa tagubilin na abutin ang lahat ng mga bansa?

## PAGSASABUHAY

10. Isang paraan na magagawa ng lahat ng Cristiano para makibahagi sa layunin ng iglesia na ipalaganap ang mensahe ng kaligtasan ay sa pamamagitan ng pananalangin para sa mga taong hindi pa nakakakilala kay Cristo at sa mga manggagawang umaaabot sa kanila. Ngayon ay sama-samang manalangin ang grupo para sa kaligtasan ng mga Muslim sa ating bayan, sa Pilipinas (lalo na sa Mindanao), at sa buong mundo.

11. *Evaluation*: Ano ang pinakamahalagang aral ang natutunan mo tungkol sa panalangin sa nagdaang tatlong buwan? Ano ang nakita mong pagbabago sa iyong *prayer life*?

12. Magpasalamat sa Diyos sa kanyang pagkilos sa iyong buhay at sa buhay ng mga kasama sa grupo.

**BALIWAG BIBLE CHRISTIAN CHURCH**
*We exist to glorify God by building local and global grace communities of disciples of Jesus who make disciples of Jesus.*

✉ 116 Vergel de Dios St., Concepcion, Baliwag, Bulacan 3006 Philippines
☎ 044.3084223*0932.4043469*0917.6712408 💻 http://pastorderick.com